

Mga Bakuna sa Taglagas at Taglamig

Bakit mahalaga pa rin ang mga bakunang ito?

Binabawasan ng mga bakuna sa COVID-19, Influenza (trangkaso) at Respiratory Syncytial Virus (RSV) ang panganib ng malubhang sakit. Makukuha mo pa rin ang tatlong bakuna nang sabay-sabay.

Bakuna

Sino ang inirerekomendang makakuha nito?

Influenza



Tina-target ang 3 strain ng influenza virus.

Lahat ng 6 na buwan at mas matanda pa ay dapat makakuha ng dosis BAWAT TAON.

Ang mga bata na 8 taong gulang at mas bata ay dapat magkaroon ng dalawang dosis sa kanilang unang season.

COVID-19



Ina-update para mas tumugma sa mga kasalukuyang variant.

Available ang in-update na mga bakuna ng Moderna, Pfizer at Novavax.

Inirerekomenda ng CDPH na ang **lahat ng 6 na buwan at mas matanda pa** ay makakuha ng in-update na bakuna sa COVID-19 BAWAT TAON (hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis).

Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang na hindi pa nabakunahan ay kailangan ng dalawa o tatlong dosis ng bakuna sa COVID-19.

Ang mga nasa hustong gulang na 65 at mas matanda pa ay dapat makakuha ng pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 6 na buwan pagkatapos ng kanilang unang dosis.

RSV¹



Tina-target ang Respiratory Syncytial Virus (RSV).

Ang RSV ay maaaring magdulot ng malubhang sakit sa бага sa mga sanggol at mas matanda.

Ang mga nasa hustong gulang na 75 at mas matanda ay dapat makakuha ng isang dosis.

Ang mga nasa hustong gulang na 60 hanggang 74 ay dapat makakuha ng dosis kung sila ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit.

Ang **mga buntis na tao** ay dapat makakuha ng dosis sa pagitan ng 32 at 36 na linggo sa panahon ng RSV. Pinoprotektahan nito ang sanggol nang ilang buwan pagkatapos maisilang.

¹ Kung hindi makakakuha ang buntis ng bakuna sa RSV, inirerekomendang makuha ng sanggol ang isang dosis ng RSV monoclonal antibody. Ang mga mas matandang sanggol/toddler hanggang 19 na buwan na mas mataas ang panganib ay inirerekomenda ring makakuha ng dosis ng monoclonal antibody.

Para sa higit pang impormasyon sa mga rekomendasyon sa bakuna, bisitahin ang <https://bit.ly/PublicHealth-Vaccines>



**Public Health
Department**
Alameda County Health

Para sa higit pang impormasyon,
bisitahin ang covid-19.acgov.org/vaccines
o i-scan ang QR Code:

